# U

Tatlong Buwanang Lathalain ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

**ENERO - MARSO 2020**

Dumalo sina Dr. Lilibeth P. Novicio at Bb. Julita M. Mojica ng Extension Services bilang mga kinatawan ng Cavite State University (CvSU) sa ika-90 anibersaryo ng Bureau of Plant Industry (BPI) sa San Andres, Malate, Manila noong Enero 24.

Ginanap sa loob ng limang araw ang nasabing pagdiriwang na may temang "Kalusugan ng Halaman: Yaman Tungo sa Masaganang Ani at Mataas na Kita". Hinikayat ng panauhing pandangal na si Dr. William D. Dar, kalihim ng Kagawaran ng Agrikultura, ang lahat ng mga nagsidalo na pag-ibayuhin ang pangangalaga sa yamang lupa at tubig partikular sa kalusugan ng halaman upang magkaroon ng masaganang ani at mataas na kita.

Bukod sa eksibit at *seminar* sa paghahalaman, inilahad din ang mga pangunahing programa ng BPI kagaya ng

Nagwagi ng ikatlong puwesto ang Cavite State University (CvSU) *stingless bee honey* sa ginanap na kompetisyon na isinagawa sa pagdiriwang ng *ñInternational Meliponine Conference and Asian Apicultural Association (AAA) Philippines Symposium on Pollinator Conservation* î ɔ a ʊ u- d̯ʿ = φ l’ p

Mga Nilalaman

*Mga guro ng CEIT, bumisita sa CaCaO farm sa Alfonso* . . . . . . . . .

*FITS Amadeo, namahagi ng butong pananim* . . . . . . . . . . . . . . . . . .

*TGP reorientation, isinagawa* . . . . .

*Tatlong magsasaka sa Cavite, dumaan sa ebalwasyon* . . . . . . . .

*FITS Imus, myembro ng task force kontra COVID-19* . . . . . . . . . . . . . .

*Pulong ng ESC, ANHS at UPCAFA, isinagawa* . . . . . . . . . . . . . . . . . .

*Novicio, dumalo sa National Stakeholdersî Forum ng DA* . . . . .

*Pagsasanay sa paggugulayan, ginanap* . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

*CvSU RELIEF, muling inilunsad para sa mga biktima ng bulking Taal* . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

*Diloy, tumugon sa pangangailangan ng FITS Bailen* . . . . . . . . . . . . . .

*Mag-aaral para sa WIP, bumisita sa CvSU-TDF* . . . . . . . . . . . . . . . . .

# MGA BALITA

Bumisita ang mga guro ng College of Engineering and Information Technology (CEIT) na sina Bb. Poinsettia A. Vida, Engr. Edwin R. Arboleda, Engr. Michael T. Costa, Engr. Efren R. Rocillo, at Gng. Florence M. Banasihan sa taniman ng kakaw ni G. Pepito Vesleno, Magsasaka Syentista (MS) ng FITS Alfonso, noong Marso 4. Kasama nila sina Gng. Lorna C. Matel, Techno Gabay Program (TGP) *focal person* ng Cavite, at G. Sermelito C. Rolle, Technology Service Specialist (TSS) ng FITS Alfonso. Layunin nito na makita at makausap si MS Peping upang malaman ang sitwasyon ng produksyon ng kakaw sa kanyang sakahan.


Sa pag-uusap na naganap, napag-alaman ang kanyang mga

## CvSU s t ngless bee ... *mula sa p. 1*


sa *Grand Honey Festival, Garden Show and Trade Fair* upang ipakita ang mga produkto at teknolohiya na resulta ng mga proyektong pinondohan ng Department of Agriculture - Bureau of Agricultural Research (DA-BAR). Ipinakita sa eksibit ang CvSU *stingless bee honey, formulated soap with propolis, pollen, propolis extract,* kaong suka, asukal mula sa kaong at kapeng Aguinaldo Blend. Dumalo sa *trade fair* sina Dr. Bettina Joyce P. Ilagan, dekana ng CAS, G. Andrew J. Siducon at Gng. Mary Joyce E. Talamante, *extension coordinators* ng CAS, Bb. Sherine M. Cruzate at Gng. Jamaica Q. Espineli, mga guro ng CAS -DBS, G. John Laurence B. Herrera ng SPRINT at G. Angelo Rodis ng NCRDEC.

Samantala, nagbahagi ng *extension paper* sina Gng. Michele T. Bono at G. Dickson N. Dimero na pinamagatang "*Community Adoption and Strengthening of the CvSU Bee Program* (CAS Bee)" habang inilahad naman nina Bb. Hanna Fae Rotairo, Bb. Sherine M. Cruzate at Bb. Aera Camille Landichm [illegible]

Sa ginanap na *forum* na dinaluhan ng mga mananaliksik tungkol sa bubuyog, mga gumagawa ng polisiya, mga magsasaka, mag-aaral at tagapangalaga ng bubuyog mula sa iba't ibang panig ng mundo, tinalakay nila ang mga paksa na kaugnay ng polinasyon ng bubuyog at nagbahagi ng kanilang mga kagawian at karanasan sa pangangalaga ng bubuyog, partikular na ang *stingless bees.* Tinalakay din ang *bee biology and management, pollinator conservation, apitherapy* at *applied beekeeping*. Nagkaroon din ng *workshop* tungkol sa *stingless bee management* sa isang bukid na nakatuon sa *natural farming*. *(DNDimero)*



*Pagpapaliwanag ng mga produkto sa mga dumalaw sa trade fair*



*Mga kinatawan ng CvSU na dumalo sa trade fair*

# MGA BALITANG TGP


Sa gitna ng krisis na dulot ng COVID-19, namahagi ang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Amadeo ng tinatayang 60 kilo ng butong pananim tulad ng ampalaya, sitaw, okra, kamatis at kalabasa sa isang libong mamamayan ng nabanggit na bayan para sa kanilang mga bukid. Isinakatuparan ang nasabing gawain sa pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan ng Amadeo na pinamumunuan ni Hon. Mayor Redel John B. Dionisio.

Nagmula sa pondo ng LGU-Amadeo ang ibinili ng mga pananim samantalang ang iba ay nagbuhat sa Office of Provincial Agriculture (OPA) Cavite, Agricultural Program Coordinating Office (APCO) at Department of Agriculture (DA) Rehiyon IV-A.

Bukod sa pamimigay ng butong pananim, patuloy din sila sa pagmo-*monitor* sa presyo ng mga pangunahing bilihin sa mga palengke at tindahan sa kanilang lugar upang maiwasan ang pagtaas nito.

Ang FITS Amadeo ay pinamamahalaan ni Gng. Lucinda Amparo, FITS Manager / Municipal Agriculture Officer (FM/MAO), kasama sina Gng. Celsa Honrada, Technology Service Specialist (TSS) at Gng. Aina Madlansacay, Information Service Specialist (ISS).

Higit na pinaiigting ang nasabing gawain na sinimulan noong Enero upang makatulong sa 37,649 na mamamayan ng nasabing bayan lalo na ngayong panahon ng pandemya. (*AMadlansacay/LCMatel*)



*Si Gng. Amparo habang kausap ang ilan sa mga magsasaka*




*Si Gng. Honrada habang namimigay ng mga butong pananim*

Dahil karamihan sa mga tauhan ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center sa Cavite ay nagretiro na at mga bagong empleyado na ang nakatalaga, nagsagawa ng re-oryentasyon ng Techno Gabay Program (TGP) noong Pebrero 11 si Gng. Lorna C. Matel, TGP *focal person* sa Cavite. Layunin nito na maipabatid sa bagong mga FITS Manager (FM), Information Service Specialist (ISS) at Technology Service Specialist (TSS) ang mga nakapaloob sa programa.



*Si Gng. Matel habang tinatalakay ang Techno Gabay Program sa mga FITS manager, TSS at ISS*



*Ang mga dumalo sa re-oryentasyon*

Dumalo dito ang 30 tauhan ng mga FITS Center ng Office of the Provincial Agriculturist (OPA)-Cavite, Imus, Maragondon, Tanza, Dasmarinas, Amadeo, Naic, Mendez, Bacoor, Magallanes, Indang, Alfonso, Gen. Aguinaldo (Bailen), Gen. Mariano Alvarez at General Trias City.

Tinalakay ni Gng. Matel ang apat na bahagi ng TGP: FITS Center, Magsasaka Syentista (Farmers Scientist Bureau), Information, Education and Communication (IEC) materials, at Information, Communication and Technology (ICT).

Samantala, matapos ang oryentasyon ay ginanap din ang unang kwarter na pulong at inilahad nila ang mga plano ng bawat sentro para sa taong 2020 kasama na ang mga pagsasanay na kanilang kailangan para sa maayos na pagpapalakad ng mga FITS. (*LCMatel*)

# MGA BALITANG TGP

Isinagawa ang ebalwasyon ng tatlong magsasaka sa Cavite noong Marso 4–5 sa pangunguna ni Gng. Janine L. Cailo, Information Officer II ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) IV-A kasama sina Gng. Lorna C. Matel, Techno Gabay Program (TGP) *focal person* ng Cavite, Bb. Editha B. Paglinawan, *manager* ng FITS Office of Provincial Agriculture (OPA) Cavite, at Gng. Soledad E. Leal ng DA-ATI. Ang ginawang ebalwasyon ay tugon sa hiling ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Tanza, Mendez at Alfonso na maragdagan ang kanilang mga Magsasaka Siyentista (MS).

Unang binisita si G. Mario Profeta ng Brgy. Tres Cruces, Tanza, Cavite na inirekomenda ni Gng. Rosalina Mojica, *manager* ng FITS Tanza. Sa kasalukuyan, *natural farming* ang ginagawa niya sa kanyang sakahan at gumagamit ng iba't ibang *concoctions, composting* at Good Agricultural Practices (GAP). Matatagpuan sa kanyang bukid ang mga gulay na kalabasa, ampalaya, sitaw at kamatis, at mga puno ng duhat, papaya, kaymito, santol at saging. Sa kanya kumukuha ang Dizon's Farm ng wansoy, *onion leeks,*





# MGA BALITANG TGP

Itinalagang myembro ng Task Force Novel Corona Virus (NCOV) sa Lungsod ng Imus ang City Agriculture Services Office o Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center.

Sa pulong ng komite, nagbigay ng

# MGA BALITA

Isang pulong ang isinagawa sa pagitan ng Cavite State University Extension Services (CvSU-ES), Amadeo National High School (ANHS), at Upland Cavite Farmers of Amadeo (UPCAFA) noong Pebrero 26 sa Amadeo, Cavite. Dumalo sa pulong sina Dr. Lilibeth P. Novicio, G. Rodrigo H. Diloy at Gng. Bernadette S. Amparo ng CvSU; G. Jerico V. Cortez, G. Alejandro Espineli at Gng. Rosemarie V. Roberto ng ANHS; at G. Louie dela Cruz ng UPCAFA. Layunin ng pulong ang pag-usapan ang proyektong "Pagsasanay sa Produksyon ng Gulay. "

Inilahad ni G. Diloy ang kanyang ginawang *proposed planting lay-out* at kalendaryo ng mga gagawin sa pagtatanim ng mga gulay sa tatlong napiling lugar na matatagpuan mismo sa loob ng nasabing paaralan. Napag-usapan din ang binubuong *Memorandum of Understanding* (MOU) para sa nasabing proyekto. Iminungkahi rin na maisama ang Agriculture Office ng Amadeo sa nabanggit na MOU dahil sa palagiang suporta ng opisina sa mga programa ng paaralan sa pamamagitan ng mga agrikultural na suplay at serbisyong teknikal.



Pagtalakay sa MOU

Naging bahagi ng usapan ang problema sa preparasyon ng lupang taniman dahil sa mga sumusunod: lawak ng lupang tataniman, kakaunting bilang ng mga estudyante na kasama sa programa, at kakaunting oras na inilalaan para sa nasabing gawain. Dahil dito, iminungkahi ni Gng. Roberto ang pagsangguni at paghingi ng tulong sa kapitan ng barangay na nakakasakop sa paaralan. Para naman kay G. dela Cruz, ang posibilidad na tumanggap ng isang *farm labor* ay malaki ang maitutulong habang iminungkahi naman ni Gng. Amparo na ang mga magulang ng mga bata na kasama sa programa ang maaaring makatulong sa preparasyon ng nasabing lupang taniman. (*BSAmparo*)




Paglalahad sa plano ng pagtatanim

Dumalo si Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng Extension Services (CvSU-ES), sa "Banner Programs Extension Roadmapping: National Stakeholders' Forum" ng Department of Agriculture (DA) noong Pebrero 3 na ginanap sa Axia Hotel, Quezon City.

Tinalakay sa *forum* ang mga programa sa *high value crops*, mais (corn), bigas (rice) at mga hayop (livestock). Nagpalitan ng ideya ang mga tagapagsanay at mga kalahok sa pamamagitan ng worksyap. Naging gabay sa pagsasanay ang *Agriculture and Fisheries Extension Strategic Plan* na inilahad ni Dr. Evelyn Aro Esquejo, *training consultant* at dating direktor ng DA-ATI.

Naging kapaki-pakinabang ang ginawang pagsasanay dahil nabigyang-diin ang mga gawaing kailangang ipagpatuloy at mas patatagin, makahanap ng natatangi at makabagong gawain na maaaring makatugon sa mga pangangailangang pang-agrikultura, naibahagi ang mga natatanging potensyal, kaalaman at kakayahan sa pagsasakatuparan ng mga programa; at maging ang mga pangangailangang teknikal at pamamahala sa mga nasabing programa. (*RAAstudillo*)



Mga kalahok sa forum

# MGA BALITA

Ginanap ang pagsasanay tungkol sa paggugulayan sa National High School ng Amadeo, Cavite noong Pebrero 13. Ito ay dinaluhan ng 25 mag-aaral mula sa Grade 9 hanggang Grade 12 ng paaralan. Ang nasabing pagsasanay ay isa sa mga gawain ng proyektong “Gulayan sa Paaralan” na kaugnay sa programang Brigada Eskwela na isinasagawa sa lahat ng paaralan na nasasakupan ng Department of Education (DepEd).

# MGA BALITA

Opisinang Pang- editoryal

☏